**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue I**
**August 2025**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

# GURO NG KABATAAN: TAGAPAGDALA NG WIKA'T KULTURANG BAYAN

**ni: AL GERWEN M. APULI**

Sa silid-aralan na puno ng sigla,

Ako'y guro't ama ng mga munting bata.

Sa titig nila'y, doon ko nakikita,

Pag-asang may anyo ng aking adhika.

Sa wikang Filipino ako'y nagtuturo,

Ng "po" at "opo," asal na totoo.

Sa bawat kwento't awit na may aral,

Lumalalim ang puso nilang mapagmalasakit at banal.

Hindi lang letra ang aking itinuturo,

Kundi ang dangal ng kulturang totoo.

Kapag sila'y naglalaro ng luksong tinik,

Kasaysayan ng lahi'y aking naihahandog sa titik.

Tumbang preso't tiyakad ay aking kasama,

Sa paglalaro, sila'y natutuwang talaga.

Ngunit sa bawat tawa't hiyawan,

Ay butil ng diwa ng pagka-Pilipino ang natataniman.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue I**
**August 2025**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

Gamit ang wika, ako'y nagtutulay,

Mula puso ng bata tungo sa gabay.

Sa simpleng "Magandang Umaga po,"

Naroon ang dangal na hindi matutumbasan ng ginto.

Ako'y lalaking guro, buong pusong nagtuturo,

Na ang wika'y hindi hadlang kundi tulay ng puso.

Maging sa laro, asal at salita,

Wikang Filipino ang sinag ng pag-asa.

Sa kwento ng bayani o dasal ng bata,

Lumalalim ang ugat ng kanilang diwa.

Saksi ang silid sa araw-araw na tagpo,

Kung paanong wika'y humuhubog sa mundo.

Itong wikang minana, atin sanang pagyamanin,

Sa laro, sa aral, sa puso'y panatilihin.

Ako'y guro, tagapagtanggol ng wika't dangal,

Isang haligi ng kulturang tunay na mahal.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza